

**جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي**  
**مشروع تَعَلُّم الإسلام – أحكام الصلاة – اللغة الفلبينية**

**Aralin 8**

**الدرس الثامن**

**Ang mga Wájib o Kinakailangan sa Saláh** واجبات الصلاة

Ang mga wájib sa saláh ay ang mga bahagi nito na kaila-ngang isagawa. Kapag may wájib sa saláh na nakaligtaang isagawa, hindi na kailangang balikan iyon, ngunit kailangang magsagawa ng sujúdussahw (na tatalakayin sa mga susunod na pahina) bilang “kabayaran” sa pagkaligta. Ang mga ito ay ang sumusunod:

Ang lahat ng takbír maliban sa takbíratul’ ihrám; (= Pagsabi ng Alláhu akbar)

1. Ang pagsabi ng **subhána rabbiya -l’adhím** nang isang ulit habang nakayukod;
2. Ang pagsabi ng **sami’a -lláhu liman hamidah** para sa mag-isang nagsasagawa ng saláh at para sa imám;
3. Ang pagsabi ng **rabbaná wa laka -lhamd** matapos uma-ngat mula sa pagkakayukod;
4. Ang pagsabi ng **subhána rabbiya -l’a’lá** habang naka-patirapa;
5. Ang pagsabi ng **rabbi -ghfir lí** sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa;
6. Ang pagbigkas ng Unang Tashahhud;
7. Ang pag-upo para sa Unang Tashahhud.

**Ang mga Rukn o Sandigan ng Saláh** أركان الصلاة

Ang mga rukn o sandigan ng saláh ay ang mga bahagi nito na kapag nakaligtaang isagawa ay kailangang balikan at isagawa. Halimbawa: Nakaligtaan mong bigkasin ang Súrah alFátihah (na isang rukn ng saláh) at naalaala mo iyon noong nakapatirapa ka na, kailangang tumayo ka, bigkasin mo ito, at pagkatapos ay gawin ang mga kailangang gawin pagkatapos nito. Ang mga rukn ng saláh ay ang mga sumusunod:

1. Ang pagtindig sa abot ng makakaya sa isinatungkuling saláh, ang saláh naman na náfilah ay hindi kinakailangan ang pagtindig ngunit ang saláh na nakaupo ay may gan-timpalang kalahati ng sa saláh na nakatayo;
2. Ang takbíratul’ ihrám;
3. Ang pagbigkas ng Súrah alFátihah sa bawat rak’ah;
4. Ang pagyukod (rukú’) sa bawat rak’ah;
5. Ang pagtindig ng tuwid mula sa pagkakayukod;
6. Ang pagpapatirapa sa pitong bahagi ng katawan sa bawat saláh, dalawang ulit sa bawat rak’ah;
7. Ang pag-upo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa;
8. Ang kapanatagan sa lahat ng mga gawaing nabanggit;
9. Ang pagbigkas ng Huling Tashahhud;
10. Ang pag-upo para sa Huling Tashahhud;
11. Ang panalangin para sa Propeta;
12. Ang pagsasagawa ng taslím;
13. Ang pagkakasunud-sunod.